Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF LOS BAÑOS
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
Municipal Hall, National Highway, Brgy. Timugan,
Los Baños, Laguna 4030 Philippines
Email: losbaños@laguna.net

SINIPI SA KATITIKAN NG IKADALAWAMPU'T-APAT (24) NA PANGKARAIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG HUNYO 24, 2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY, TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Present : Bise Alkalde Procopio A. Alipon, Tagapangulo
Konsehal Norvin L. Tamisin
Konsehal Benedicto S. Alborida
Konsehal Antonio L. Kalaw
Konsehal Geronimo A. Ciceron
Konsehal Julius A. Molinawe
Konsehal Jay G. Rolusta
Konsehal Cris Dayril B. Bagnes
Konsehal Janos S. Lapiz, Liga President
Kalihim Dona T. Alborida
Ms. Teresita R. delos Reyes, Comptr. Optr. IV

"INAL TIBAY"
SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
KAPASIYAHAN BL. 696 T 2019
PETSA Dec 4, 2019

Absent : Konsehala Josephine Sumangil-Evangelista (On Leave)
Konsehala Jozylyn N. Manansala, SK Fed. President (O.B.)

Visitor(s) : Kgg. Arlene P. Delos Santos, Brgy. Chairperson, Brgy. Bambang

KAUTUSAN BLG. 2019-1843

KAUTUSANG NAGGAGAWAD SA LAHAT NG MGA BENEPISYARYO NG *LOCALIZED COMMUNITY MORTGAGE PROGRAM (LCMP)* NG EKSEMPSYON MULA SA MGA BAYARING IPINAPATAW NG PAMAHALAANG BAYAN NG LOS BAÑOS KAAKIBAT SA PAGPAPATAYO NG ISTRUKTURA NG BAHAY.

May-Akda : Konsehal Jay G. Rolusta

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Los Baños sa pakikipagtulungan sa ilang Pambansang Ahensiya ng ating Gobyerno tulad ng Pag-IBIG, Social Housing Finance Corporation (SHFC) ay naglunsad ng proyektong pabahay sa mga mamamayan ng Los Baños sa pamamagitan ng *Localized Community Mortgage Program (LCMP);*

SAPAGKAT, ang una at ikalawang bahagi ng LCMP na pag-utang ng pambiling lupa at site development ay matagumpay na naitawid kung saan dalawang asosasyong pangkomunidad ang naitatag at nakinabang, ang Better Land Homeowners Association, Inc. (BHLAI) Phase I na binubuo ng 241 kasapi at ang BHLAI Phase II na binubuo ng 223 kasapi;

SAPAGKAT, ang BHLAI Phase I at BHALI Phase II, sa pag-alalay ng Pamahalaang Bayan ay buong sigasig na isinulong ang ikatlong bahagi ng programa, ang house construction loan, subalit bigong maitawid ito bunsod ng iba't-ibang kadahilanan;

2.00 Kautusan Blg. 2019-1843 06/24/2019

SAPAGKAT, ang pagkabinbin ng pagpapagawa ng bahay ay nagdulot ng pagkainip sa mga kasapi at upang hindi humantong sa tuluyang pagkabigo at dala na rin ng pagtitiwala sa sariling kakayahan at pagsisikap ay nagkaisa ang asosasyon na pahintulutan ang pagtatayo ng sari-sariling bahay ng mga kasapi;

SAPAGKAT, lahat ng benepisyaryo ng LCMP ay nabibilang sa mahihirap na sektor ng lipunan at ang gastusin sa pagpapatayo ng bahay tulad ng materyales at labor ay malaking pasanin sa kanilang panig;

SAPAGKAT, bukod sa mga nasabing gastusin, ang Pamahalaang Bayan ng Los Baños ay may mga bayaring pinapataw sa mga mamamayan nito kaakibat sa pagpapatayo ng istruktura ng bahay tulad ng *locational clearance fee, building permit fee* at iba pa na nakasaad sa batas at pambayang kautusan;

SAPAGKAT, ang mga kasapi ng BHLAI Phase I at BHLAI Phase II ay humiling sa Kagalang-galang na Punumbayan Caesar P. Perez at sa Sangguniang Bayan ng Los Baños na mabigyan sila ng eksempsyon sa mga nasabing bayarin;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Los Baños na nagnanais na matulungan ang mga mamamayan nito na matupad ang kanilang pangarap na makapagpatayo ng sariling bahay ay sumasang-ayon at walang nakikitang mali sa nasabing kahilingan;

KAYA NGAYON, sa mungkahi ni Konsehal Jay G. Rolusta, pinangalawahan nina Konsehal Benedicto S. Alborida at Konsehal Geronimo A. Ciceron, buong pagkakaisang pinagtibay ng kapulungan;

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA, NA:

SEKSIYON 1. Kautusang naggagawad sa lahat ng mga benepisyaryo ng Localized Community Mortgage Program (LCMP) ng eksempsyon mula sa mga bayaring ipinapataw ng Pamahalaang Bayan ng Los Baños kaakibat sa pagpapatayo ng istruktura ng bahay.

SEKSIYON 2. Ang kautusang bayang ito ay ipatutupad sa sandaling pagtibayin ito.

PINAGTIBAY : HUNYO 24, 2019.

PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng Kautusang Ito.

DONA T. ALBORIDA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. PROCOPIO A. ALIPON
Bise Alkalde/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

HON. CAESAR P. PEREZ
Punumbayan

PINAGTIBAY
SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
KAPASIYAHAN BLG. 686 T. 2019
PETSA DEC 4, 2019